Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-121 REGULAR NA PAGPUPULONG NG 8TH SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 DISYEMBRE 2015, IKA-2:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Acting Vice Mayor Eduardo K. Soriano - Tagapangulo
Konsehal Johnell C. Siñel
Konsehal Gualberto V. Magno
Konsehal David D. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Juanito A. Bacay,Jr.

Hindi Nakadalo:

Konsehal Elsie F. Galaran
Konsehal Joseph M. Galicia - Pangulo, Liga ng mga Barangay

KAPASYAHAN BLG. 101
Taong 2015

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA AT KAANAK NG YUMAONG **GNG. MA. KARENINA V. GABOC**, DATING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKAT, si Gng. Ma. Karenina V. Gaboc o Karen sa kanyang mga kasamahan sa Pamahalaang Bayan ay nagsilbi sa Tanggapan ng Pambayang Ingatyaman simula noong July 1, 2010 hanggang Disyembre 18, 2015;

SAPAGKAT, bilang isang kawani ginampanan niya ang kanyang tungkulin ng may pagmamalasakit at dedikasyon upang maging karapat-dapat sa mga gawaing iniatang sa kanya.

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa, naging mapagmahal at responsableng ina sa kanyang mga anak at sa kanyang asawa at mapagmahal na anak sa kanyang mga magulang, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayang ito, gayundin ang mga namumuno at mga kawani ay buong-pusong nakikiramay at nakikidalamhati sa pagyao ng isang kaibigan at kasamahan sa paglilingkod

VIOLETA L. DIMAPILIS   EDUARDO K. SORIANO   FERDINAND V. TALENS, MPA

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa mga naulila ni GNG. MA. KARENINA V. GABOC ang taus-pusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga naulila ng yumaong Gng. Ma. Karenina V. Gaboc lakip ang mataos na pakikiramay sa pagpanaw ng isang kasamahan sa paglilingkod.

Pinagtibay : 28 Disyembre 2015

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Secretary to the Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY.

EDUARDO K. SORIANO
Acting Municipal Vice Mayor

PINAGTIBAY:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Acting Municipal Mayor

merz/110915